REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 97-02**

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD NA NAGLALAAN (ALLOCATE) NG HALAGANG ISANG MILYON PITONG DAAN APATNAPU'T SIYAM NA LIBO SIYAM NA RAAN LABING LIMANG PISO (P1,749,915.00) PARA SA PAGPAPAGAWA NG LIMANGDAANG (500) NITSO PARA SA MATATANDA AT PITUMPU'T ANIM (76) PARA SA BATA SA PAMPUBLIKONG SEMENTERYO NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

*************************************************************************************

**Ipinanukala nina : KGG. ROMAN E. NIEFES**
**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**

*************************************************************************************

**SAPAGKAT,** mula pa noong Nobyembre 1996, hanggang sa kasalukuyan ay wala nang nitsong mapaglibingan sa Pampublikong Sementeryo ng Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** halos araw-araw ay may mga taong namamatay na nangangailangan ng mapapaglibingan sa Pampublikong Sementeryo;

**SAPAGKAT,** ang pagkakaroon ng tamang dami ng nitso sa Pampublikong Sementeryo ay makatutulong ng malaki sa mga mahihirap na mamamayan ng Lungsod;

**SAPAGKAT,** ang Limangdaang nitso para sa matatanda at Pitumpu't Anim (76) para sa mga bata ay may kakayahang paglingkuran ang mga mamamayan na nagnanais maglibing sa Pampublikong Sementeryo;

**SAPAGKAT,** tinataya ng Tanggapan ng Inhenyeriya na ang halaga ng pagpapagawa ng Limangdaang (500) nitso para sa matatanda at Pitumpu't Anim (76) para sa mga bata ay aabot sa **ISANG MILYON PITONG DAAN APATNAPU'T SIYAM NA LIBO SIYAM NA RAAN LABING LIMANG PISO ( P1,749,915.00) ;**

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod, na ilaan (allocate) ang halagang **Isang Milyon Pitong Daan Apatnapu't Siyam na Libo Siyam na Raan Labing Limang Piso (P 1,749,915.00)** sa pagpapagawa ng Limangdaang (500) nitso para sa matatanda at Pitumpu't Anim (76) para sa bata sa Pampublikong Sementeryo ng Lungsod ng Muntinlupa, na kukunin sa pondong nakalaan para sa Capital Outlay sa ilalim ng pagpapagawa at pagpapaayos ng mga Pampamahalaang Pasilidad.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong**ika-24 ng Pebrero, 1997 sa ginanap na ika-72 Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON:**

| | |
|---|---|
| **KGG. MELCHOR R. TEVES**<br>Konsehal | **KGG. DANTE S. ALMARIO**<br>Konsehal |
| **KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**<br>Konsehal | **KGG. VICTOR L. ULANDAY**<br>Konsehal |
| **KGG. JO JASON T. ALCARAZ**<br>Konsehal | **KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**<br>Konsehal |
| **KGG. ROMAN E. NIEFES**<br>Konsehal | **KGG. REY E. BULAY**<br>Konsehal |

REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**



**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY E. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**LIBAN:**

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa:____________________

3/17

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196